Alberta

**Pahayag**

# Mas malakas ang Alberta kaysa dati: Premiyer Smith

Mayo 29, 2024 Mga katanungan sa media

## Inilabas ni Premyer Danielle Smith ang sumusunod na pahayag kung paano matagumpay na tinutupad ng pamahalaan ng Alberta ang mga pangako nito:

“Isang taon na ang nakalipas ngayong araw na inihalal ng mga botante sa Alberta ang ating pamahalaan sa pangalawang magkakasunod na mandato. Unang una sa lahat, nais kong sabihin na ang makapaglingkod sa mga Albertan bilang kanilang Premiyer ay nananatiling karangalan habang buhay. Hindi ko labis na masasabi kung gaano ko ipinagmamalaki ang magandang lalawigang ito at ang mga taong tinatawag itong tahanan. Sa nakalipas na 12 buwan, masipag na nagtatrabaho ang ating pamahaalaan sa pagtupad sa marami sa mga pangakong binitiwan namin sa mga Albertan noong nakaraang halalan. Ikinalulugod kong sabihin na kasama ng isang natatanging pangkat ng mga MLA ng pamahalaan, mga ministro ng gabinete at serbisyong pampubliko ng lalawigan, tinutupad namin ang aming mandato na dalhin ang Alberta Advantage sa mga bagong kataasan at tinitiyak na ang lalawigang ito ay nananatiling ang pinakamagandang lugar para mabuhay, magtrabaho, mamuhunan. at bumuo ng pamilya.

“Bilang Premiyer, lagi kong ipaglalaban ang Alberta at mga Albertan. Patuloy na tinututulan ng ating pamahalaan ang pederal na buwis sa karbon at nagpatupad ng mga patakaran na nag-alok ng nakikitang kaluwagan sa mga Albertan sa panahon nitong krisis sa halaga ng pamumuhay sa buong Canada. Ang mga patakaran tulad ng pagpapalawig ng bakasyon sa buwis sa gasolina hanggang sa katapusan ng 2023, na nakatitipid sa mga Albertan ng higit sa $2 bilyon, at pag-indise ng lahat ng mga kategorya ng buwis upang maitabi ng mga masisipag na Albertan ang higit pa sa kanilang kinikita. Tinitiyak din namin na mas mabuting makayanang bayaran ng mga nakatatanda sa Alberta ang mga serbisyong kailangan nila sa pamamagitan ng pagdadala ng 25 porsiyentong diskwento para sa mga nakatatanda sa mga serbisyo ng pagpapatala.

“Nananatili ang Alberta na isang pinagkakatiwalaang pinuno sa mga teknolohiya ng pagbabawas ng emisyon at kilala sa pag-aalok ng mga solusyon sa ilan sa mga pinakakumplikadong pangangailangan sa enerhiya ng mundo. Binubuo ang tagumpay ng ating Alberta Petrochemicals Incentive na Programa, ipinakilala namin ang Alberta Carbon Capture na Insentibong Programa upang suportahan at pabilisin ang pagbuo ng bagong carbon capture, paggamit at imprastraktura ng imbakan. Makakatulong ito sa Alberta na umunlad sa isang mababang karbon na hinaharap at lumikha ng mas maraming trabaho sa ating sari-sari na ekonomiya.

“Bilang ang makina sa pang-ekonomiya at paglikha ng trabaho ng Canada, patuloy na pinapaunlad ng Alberta ang pinakamababang buwis ng kapaligiran sa bansa at ang pinakamabuti sa negosyong mga patakaran. Noong Disyembre 2023, pinalawak namin ang *Batas ng Proteksyon sa Nagbabayad ng Buwis* (T*axpayer Protection Act)* para mapanatiling mababa ang mga buwis sa Alberta at matiyak na walang pamahalaan sa hinaharap ang maaaring magtaas ng mga buwis sa personal o negosyo nang hindi muna kumukuha ng pag-apruba mula sa mga Albertan sa isang reperendum.

“Sa maagang bahagi ng taong ito, ipinakilala din namin ang Alberta is Calling Moving Bonus sa mas mataas na antas kaysa sa kung ano ang aming ikinampanya. Itong isang beses, $5,000 na maibabalik na kredito sa buwis ay makakatulong sa paghikayat ng mga manggagawa sa labas ng lalawigan na kumuha ng mga karera sa mga kwalipikadong, mataas na pangangailangan na mga dalubhasang kalakalan na trabaho. Ang ating sari-saring ekonomiya ay nangangahulugan na mayroong mas maraming mga pagkakataon para sa mga Albertan sa bawat industriya. Kasama diyan ang ating industriya ng turismo at naglabas tayo ng bagong diskarte sa turismo, na tutulong na mapataas ang ekonomiya ng bisita ng Alberta sa layunin na $25 bilyon pagsapit ng 2035. Bilang bahagi ng mga pagsisikap na iyon, kami ay nakikipagtulungan nang malapit sa mga kasosyo upang bumuo ng sumusuportang imprastraktura para sa isang pinakamahusay sa mundong arena at distrito ng aliwan sa Calgary.

“Kapag nagtatagumpay ang mga negosyante ng mga First Nation at Métis, ang kanilang mga komunidad ay umuunlad. Ang mga Katutubong Tao ay dapat nating maging kasosyo sa ating kasaganaan at kaya naman tinaasan namin ang kapasidad ng garantiya sa pautang ng Korporasyon ng mga Oportnidad ng Katutubo ng Alberta (Alberta Indigenous Opportunities Corporation) sa $3 bilyon. Pinalawak din namin ang Pondo ng Pamumuhunan sa Aborihinal na Negosyo (Aboriginal Business Investment Fund) sa $10 milyon taun-taon para sa 2024-25 na taong piskal para matulungan ang mga Katutubo na negosyong pag-

aari ng komunidad na mapakinabangan ang mga pagkakataon sa pagpapaunlad ng negosyo para mapabuti ang mga sosyo-ekonomikong resulta.

“Ang talamak at lumalalang krimen ay isang malaking problema sa mga lungsod ng Alberta, partikular sa ating mga sentro ng bayan. Upang makatulong na matugunan ang isyung ito, ang ating pamahalaan ay nagbigay ng pondo para sa 100 mga opisyal ng pulis sa Edmonton at Calgary, na may 50 na naipadala sa ngayon. Nagbukas din kami ng isang napakatagumpay na sentro ng nabigasyon at suporta sa Edmonton upang matulungan ang mga pinakamahina na mas mahusay na makakuha ng mga suportang kailangan nila, maging ang kakayahang makatanggap ng ID na ibinigay ng pamahalaan, pagkuha ng pabahay, pangangalaga sa sugat, pangkaisipang kalusugan at mga suporta sa pagkagumon at muling pagkonekta sa kanilang mga pamilya. Dinagdagan namin ang pondo noong 2023 sa Pangkat ng Pagtugon sa Pagpapatupad ng Batas sa Alberta (Alberta Law Enforcement Response Team) para tugunan ang organisadong krimen, pornograpiya ng bata, karahasan sa baril at pagtatrapiko ng droga. Nagpasa din ang ating pamahalaan ng batas para ipakilala ang programa ng pulseras sa bukung-bukong (ankle bracelet) para sa mga nasa mataas na panganib at umuulit na mga nagkasalang nakapiyansa, na tumutulong na panatilihing protektado ang mga Albertan kung saan nabigo ang mga patakaran ng pederal na pamahalaan.

“May pinakamahusay sa mundong sistema ng edukasyon ang Alberta na inihahanda ang mga susunod na henerasyon para sa tagumpay. Upang matiyak ang tagumpay na iyon, nangako kami ng karagdagang pondo para sa pagsusuri at mga suportang pang-edukasyon para sa mga batang may autismo at iba pang mga kumplikadong pangangailangan. Pinahusay din namin ang dalawahang-kreditong pagpoprograma at pag-aaral ng karera at teknolohiya upang matiyak na ang mga mag-aaral ay maaaring tuklasin ang mga landas sa karera at gumawa ng makabuluhang mga paglipat sa post-sekundaryong edukasyon. Sumusulong kami sa aming mga pagsusumikap na itaguyod ang mga dalubhasang pangangalakal at tiyaking alam ng mga Albertan, at maaring makuha, ang mga pagkakataong available sa kanila. Para magawa ito, patuloy kaming nagdaragdag ng mga bagong lugar sa mga mataas na pangangailangang programa, kabilang ang 3,200 bagong lugar sa pag-aaprentis sa 11 post-sekundaryong institusyon sa Alberta pati na rin ang pagbibigay ng pondo upang madagdagan at mapabuti ang kanilang mga espasyong pang-edukasyon. Kamakailan lamang, pinondohan namin ang pasilidad ng CIM-TAC ng Red Deer Polytechnic at gawain ng pagpaplano para sa Sentro ng mga Masulong na Kasanayan [Advanced Skills Center] ng NAIT. Mga karera. Ang mga pangangalakal ay kritikal para sa lumalagong ekonomiya at ginagawa ng ating pamahalaan ang lahat ng

aming makakaya upang tumugma sa pagpapaunlad ng mga kasanayang iyon sa mga hinihingi ng lakas paggawa, kabilang ang pagtatatag ng isang makasaysayang pakikipagsosyo sa Internasyonal na Unyon ng mga Nagpapaktabong Inhinyero [International Union of Operating Engineers] Lokal 955 upang magbigay ng pagsasanay sa pag-aaprentis.

"Ang kalusugan at kagalingan ng mga Albertan ay mahalaga sa pagtiyak ng mataas na kalidad ng buhay sa bawat sulok ng ating lalawigan. Iyon ang dahilan kung bakit kami ay nakatuon sa isang malakas, matatag na sistema ng pampublikong kalusugan na gumagana para sa lahat. Sa nakalipas na taon, gumawa kami ng mas malalaking hakbang upang mapabuti ang pagkuha ng mataas na kalidad na pangangalagang pangkalusugan. Nagdala kami ng modelo ng propesyonal na nars upang mas maraming mga Albertan ang maaaring magkaroon ng pangunahing tagapagbigay ng pangangalaga na kailangan nila, at nag-anunsyo kami ng isang kasunduan na magtrabaho patungo sa isang bagong modelo ng pagpopondo para sa mga doktor ng pamilya. Dagdag pa rito, pinalawak ng ating pamahalaan ang pagsusuri ng bagong panganganak upang masuri ang higit pang mga sakit at mga kondisyon at naglaan ng $10 milyon para suportahan ang pagbuo ng isang estratehiya sa pagkokomadrona sa buong lalawigan. Magbibigay din kami ng $10 milyon sa susunod na dalawang taon sa Gawad sa Pamana ng Pundasyon ng mga Kababaihan sa Alberta [Alberta Women's Health Foundation Legacy Grant] at karagdagang $10 milyon sa Pundasyon ng Kalusugan ng Calbary [Calgary Health Foundation] para magsaliksik sa kalusugan ng kababaihan.

"Patuloy kaming bumuo ng modelong nakabatay sa paggaling kaysa sa patuloy na pagpapadali ng pagkagumon. Upang suportahan ito, naglaan ang ating pamahalaan ng $1.55 bilyon para palawakin ang pangangalaga sa pangkaisipang kalusugan at pagkagumon, kabilang ang mga serbisyo para sa mga kabataan, mga First Nation, Métis at Inuit na mga komunidad at mga pamumuhunan sa pangkaisipang kalusugan at mga pasilidad sa paggamot sa pagkagumon. Sa nakalipas na taon, binuksan namin ang unang dalawa sa 11 pinakamahusay sa mundong mga komunidad ng paggaling upang bigyan ng pagkakataon ang mas maraming mga tao na ituloy ang pagpapagaling. Ang mga pamumuhunang ito ay mahalaga sa pagpapanatiling malusog at ligtas ang mga pamilya at mga komunidad ng Alberta.

"Ang pagsuporta sa malusog at ligtas na mga pamilya at mga komunidad ay nangangailangan din sa amin na patuloy na magtrabaho upang wakasan ang karahasan na nakabatay sa kasarian at tulungan ang mga apektado nito. Kami ay nakatalaga dito at

naglaan ng karagdagang $10 milyon sa mga pang-emerhensiyang silungan ng mga kababaihan sa Alberta, kabilang ang $5 milyon para magdagdag ng higit pang mga kama at pondohan ang mga espasyo na kasalukuyang walang tauhan. Nagtalaga din kami ng $10 milyon sa susunod na tatlong taon upang suportahan ang mga sentro ng sekswal na pagsalakay sa buong lalawigan.

“Kami rin ay walang pagod na nagtatrabaho upang panatilihing ligtas ang mga pamilya at mga komunidad ng Alberta mula sa mga malalaking sunog ngayong taon. Nangangahulugan ang mga bagong pamumuhunan ng karagdagang mga tauhan at mga tripulante para sa malaking sunog, pati na rin ang mas maraming teknolohiya at kagamitan, kabilang ang mga bagong night-vision na helikopter upang malabanan natin ang mga malaking sunog sa gabi, kapag ang mas malamig na temperatura ay nasa panig natin. Naninindigan ang ating pamahalaan sa tabi ng lahat ng kamangha-manghang mga bumbero sa kagubatan na patuloy na gumagawa ng mahusay na trabaho. Habang patuloy kaming umaasa para sa mga nagpapatuloy na kundisyon na magbibigay ng kalamangan sa ating mga pangkat ng malaking sunog, handa kaming suportahan ang tumaas na mga pangangailangan sa paglaban sa sunog, at hindi kami mag-aatubili sa aming mga pangako.

“Bagama't marami ang nagawa ng ating pamahalaan sa maikling panahon, marami pang trabaho na dapat gawin. Inaasahan naming maihatid ang gawaing iyon para sa Alberta at mga Albertan. Napapasigla ako ng mga oportunidad na umiiral sa lalawigang ito at para sa kung ano ang nakalaan sa hinaharap. Magkasama, sumusulat tayo ng bagong kabanata ng kuwento ng Alberta. Ito ay isang kuwento na patuloy na umaalingawngaw sa buong bansa at sa buong mundo. Bagama't ang ating pamahalaan ay may natatanging karangalan na ikuwento iyon sa mga podium at sa mga silid ng pagpupulong, ito ay sa huli sa mga pamilya, mga manggagawa at mga negosyo ng Alberta na siyang tumutulong upang magbigay ng nilalaman nito."

## Mga katanungan sa media

### Sam Blackett

587-589-6048
Kalihim ng Press, Opisina ng Premiyer